# Ang Diyos Higit sa Lahat

## NOTES

## WARM-UP

- Sino ang itinuturing mo na pinaka-tapat sa iyo? Balikan ang isang tiyak na pangyayaring naglalarawan nito.
- Alin sa mga kautusan ng iyong mga magulang o nag-alaga sa iyo ang pinakamahirap sundin? Bakit?
- Sino ang isang taong may posisyon o kapangyarihan na hinahangaan mo dahil sa kanyang halimbawa at pamumuno? Bakit mo siya hinahangan?

**WORD**

*[1]Sinabi ng Diyos, [2]"Ako ang Panginoon na inyong Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto kung saan kayo inalipin. [3]"Huwag kayong sasamba sa ibang mga diyos maliban sa akin."* **EXODUS 20:1-3**

---

Ang Sampung Utos ay higit pa sa isang listahan ng mga dapat at hindi dapat gawin na ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan noong panahon ni Moises. Maaari nating isipin na ang mga utos na ito ay walang kinalaman sa atin o kaya ay hindi na nauukol sa ating panahon, subalit kailangan nating maintindihan na ang pinaka-unang utos ay patungkol sa Diyos at sa Kanyang dapat kalagyan sa ating mga buhay. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong katotohanan tungkol sa Diyos at ang nararapat na tugon sa Kanya.

## 1 Iisa lamang ang Diyos.

*[4]"Makinig kayo, O mga mamamayan ng Israel: Ang Panginoon na ating Diyos ay iisang Panginoon lang. [5]Mahalin ninyo ang Panginoon na inyong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa at ng buo ninyong lakas."* **DEUTERONOMIO 6:4,5**

Bilang mga anak ng Diyos, dapat nating kilalanin na Siya lamang ang Diyos—wala nang iba. Walang sinuman o anuman ang mas hihigit pa sa Kanya. Gaya ng pagligtas Niya sa mga Israelita laban sa Egipto, iniligtas din Niya tayo sa ating mga kasalanan. Batay sa bersong ito, ano ang nararapat na tugon sa kung sino Siya?

## 2 Mahalin ang Diyos.

*Dahil ang tunay na umiibig sa Diyos ay sumusunod sa kanyang utos, at hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos.*
**1 JUAN 5:3**

Ang nararapat na tugon sa kung sino ang Diyos at kung ano ang ginawa Niya para sa atin ay pagmamahal—at ito ay nangangahulugan ng pagsunod sa Kanya. Siya lamang ang karapat-dapat tumanggap ng ating pagmamahal at debosyon. Paano mo ipinapahayag ang iyong pag-ibig at debosyon sa Diyos araw-araw?

## 3 Sambahin ang Diyos.

*"Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos at siya lang ang dapat mong paglingkuran."* **MATEO 4:10**

Ang nararapat na tugon sa lahat ng ginawa ng Diyos para sa atin ay ang sambahin Siya. Ang "pagsamba" ay higit pa sa pag-awit ng mga kanta o pananalangin—ito ay paraan ng pamumuhay. Dapat nating sambahin ang Diyos sa ating buhay sa pamamagitan ng pag-una sa Kanya sa lahat ng bagay—sa ating oras, mga relasyon, trabaho/pag-aaral. Paano natin dapat sambahin ang Diyos? (Juan 4:24)

## APPLICATION

- Inuuna mo ba ang Diyos sa iyong buhay? Anong mga maling paniniwala ang pumupigil sa iyo upang unahin Siya sa iyong buhay? Anong mga maaari mong gawin ngayong linggo upang unahin Siya sa iyong buhay?
- Alin sa mga ipinag-uutos ng Diyos ang nahihirapan kang sundin? Dahil sa kaalaman na ang pagmamahal sa Diyos ay nangangahulugan ng pagsunod sa Kanya, paano mo siya magagawang sundin ngayong linggo?
- Naniniwala ka bang karapat-dapat ang Diyos ng iyong pagsamba? Paano mo siya magagawang sambahin ngayong linggo?

## PRAYER

- Kilalanin ang dapat kalagyan ng Diyos sa iyong buhay. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng malalim na pagkaunawa kung sino Siya at kung paano mo maisasapamuhay ang natutunan mo sa araw-araw.
- Pasalamatan ang Diyos sa kung sino Siya, at hingin sa kanya ang mga tiyak na pamamaraan upang maipahayag mo ang iyong pagsamba sa Kanya sa lahat ng bahagi ng iyong buhay.
- Ipanalangin na mamahalin at susundin mo ang Diyos ng tapat at buong puso at na magagawa mong tulungan ang iba na mahalin at sundin Siya.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph